CITY OF LONG BEACH

PAHAYAG PARA SA PRESS

City of Long Beach
Public Information Office
411 W. Ocean Blvd,
Long Beach, CA 90802

4/3/2020

PARA SA AGARANG PAG-RELEASE Pahayag para sa Press # 040320

Paksa: **Ang Lungsod ng Long Beach ay Tumatanggap ng Buhos na Alok na Mga Donasyon Bilang Suporta sa Tugon ng COVID-19**
Maaaring mag-alok ng mga pagkain, serbisyo at oras sa pag boluntaryo sa pamamagitan ng online na form.

Kontak: Joint Information Center ng Lungsod ng Long Beach
562.570.NEWS
jic@longbeach.gov

Long Beach, CA - Ngayon, inihahayag ng Long Beach ang mga karagdagang hakbang upang ayusin ang buhos na suportang natanggap mula sa komunidad at negosyo upang matulungan ang pamamahala ng COVID-19.

“Inspirasyon ko ang maraming mga indibidwal at negosyong nag-abot at nag-alok ng kanilang tulong at suporta sa panahon ng hamon na ito," sabi ni Mayor Robert Garcia." Ang mga natanggap na donasyon ay magbibigay ng mahalagang mapagkukunan para sa ating patuloy na pagsisikap upang labanan ang COVID-19. Isa sa mga pinakamahalagang bagay na magagawa natin ngayon ay ang pagsuporta at pag-aalaga sa bawat isa. "

Habang limitado pa rin ang mga personal na interaksyo, ang mga nakalista sa ibaba ay ilang mga karagdagang paraan paano matulungan ng mga interesadong tao ang kanilang mga kapwa residente ng Long Beach:

- Maging isang mabuting kapitbahay. Sa pakikipagtulungan sa We Love Long Beach (Mahal Namin ang Long Beach), ang Lungsod ay nakikipag-ugnayan sa mga miyembro ng pamayanan na nangangailangan ng tulong sa mga nais at handang tumulong. Sa pamamagitan ng pagsagot ng Neighbor to Neighbor Card (Kapitbahay sa Kapitbahay na Kard) (mayroon din sa Espanyol, Tagalog at Khmer), maaaring magbahagi ang mga miyembro ng pamayanan ng kanilang kontak na impormasyon at ang mga uri ng tulong na maaari nilang maalok sa mga kalapit na kapitbahay. Ang mga naka-print na kard ay makukuha sa mga tanggapan ng Konseho ng Lungsod (City Council) o maaaring hilingin dito.
- Mag-donate sa Long Beach Coronavirus Relief Fund, na susuporta sa mga organisasyong nakabase sa pamayanan at sa mga nasa frontlines ng pagtugon sa coronavirus sa Long Beach.
- Mag-donate ng dugo kung ikaw ay malusog at karapat-dapat upang matiyak na may sapat na pundo ng dugo na makakaligtas ng buhay para sa mga nangangailangan nito.

Upang i-streamline at pamahalaan ang mga donasyon at alok na tulong sa Lungsod ng Long Beach, ang Lungsod ay bumuo ng isang online form na maaaring makumpleto ng mga lokal na negosyo at mga boluntaryo sa komunidad upang mangolekta ng detalyadong impormasyon tungkol sa mga kalakal at serbisyo na inaalok. Lahat ng impormasyong ibinigay ay elektronikong proprotektahan para sa pribasiya at susuriin upang matukoy ang pinakamahusay na tugma sa mga pangangailangan sa pagpapatakbo ng Lungsod. Ang isang miyembro ng Donation at Volunteer

Management Team ng Lungsod ay makikipag-ugnayan sa mga indibidwal at negosyo para sa karagdagang talakayan at koordinasyon.

Ang bagong form ay makakatulong sa Lungsod upang ayusin ang iba't ibang mga alok na donasyon na natanggap tulad ng paggamit ng pasilidad ng negosyo, serbisyo sa transportasyon at paghahatid, at mga kagamitang pang-personal na proteksyon. Bilang karagdagan, makukuha rin ng form ang mga donasyon ng mga pagkain at kit para sa kalinisan para sa mga taong nakakaranas ng kawalan ng tirahan at nag-aalok ng mga serbisyo sa pagboluntaryo sa iba't ibang uri ng kasanayan.

Inaasahan na ang mga pangangailangan ng Lungsod ay magbabago sa paglipas ng panahon depende sa kalagayan ng sitwasyon sa kalusugan, at kung sakaling ang hindi kaagad priyoridad sa ngayon, ay maaaring maging isang kritikal na pangangailangan sa hinaharap. Ang impormasyon sa mga donasyon na hindi katugma sa kasalukuyang mga pangangailangan ng Lungsod ay itatabi para sa pagsasaalang-alang sa hinaharap. Gagamitin ng Lungsod ang mga mapagkukunan at serbisyo na pinakamahusay na tumutugon sa mga puwang ang mga kasalukuyang puwang (gap) upang ang natitirang mga kalakal, serbisyo at mga boluntaryo ay maaaring mailagay sa iba pang mga organisasyon sa ating pamayanan na may agarang pangangailangan.

Para sa pinahuling impormasyon sa COVID-19, na may mga detalye sa lahat ng ginagawa ng Lungsod ng Long Beach upang mapanatiling ligtas ang ating mga residente, bisitahin ang www.longbeach.gov/COVID19 at sundan sa @LongBeachCity on Facebook, Twitter at Instagram.

Para sa karagdagang mga balita, larawan at video at mga anunsyo sa kung ano ang nangyayari sa Long Beach, sundan kami sa Facebook, Twitter, Instagram at YouTube.